IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# SALAYSAY NG PAG-ASA AT PANGUNGULILA: ANG PAGLALAKBAY NG MGA MAG-AARAL NA MAY MAGULANG SA IBANG BANSA MULA SA KALINGA STATE UNIVERSITY LABORATORY HIGH SCHOOL SA PERSPEKTIBO NG GENDER AND DEVELOPMENT

Emalyn B. Puyoc, Gian Karla R. Buslig, Cristaline B. Tumaliuan,
Cesar D. Daladag

*Kalinga State University, Tabuk City, Kalinga, Philiipines*

## ABSTRACT

Sa konteksto ng globalisasyon, ang migrasyon ng mga magulang bilang Overseas Filipino Workers (OFWs) ay lumilikha ng dobleng realidad ng suportang pinansyal at emosyonal na hamon sa mga anak na naiiwan. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang emosyonal, akademiko, at gendered na karanasan ng mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may magulang sa ibang bansa, gamit ang lente ng Gender and Development (GAD). Gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo at thematic analysis upang matukoy ang mga pangunahing tema mula sa mga salaysay ng mga kalahok. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng patuloy na pangungulila at emosyonal na distansya, ngunit kasabay nito ay ang paglinang ng katatagan (resilience) at iba't ibang paraan ng pagharap tulad ng digital communication, suporta ng kaibigan, at pananampalataya. Sa aspektong akademiko, ang sakripisyo ng mga magulang ay nagsisilbing pangunahing motibasyon na nagtataguyod ng disiplina at pananagutan, bagamat ang emosyonal na hamon ay nakaaapekto sa konsentrasyon at pagganap. Sa perspektibo ng GAD, natuklasan na ang *parental migration* ay hindi *gender-neutral*. Ang mga babaeng mag-aaral ay may mas mataas na responsibilidad sa gawaing bahay at caregiving roles, samantalang ang mga lalaking mag-aaral ay nagpapakita ng mas flexible na pag-angkop sa gawaing domestiko. Ipinapakita nito ang interaksyon ng migrasyon at gender norms sa loob ng pamilya. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangan ng gender-responsive at kontekstwal na interbensyon upang masuportahan ang kabuuang pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Keywords:** *Overseas Filipino Workers (OFWs), Transnational Families, Pangungulila at Katatagan, Akademikong Motibasyon, Gender and Development (GAD), Mga Mag-aaral na naiwan (Left-behind Children)*

## INTRODUKSIYON

Sa panahon ng globalisasyon, ang migrasyon ng mga magulang bilang Overseas Filipino Workers (OFWs) ay nagdudulot ng dalawang magkasalungat na realidad para sa mga anak: ang liwanag ng pag-asa at ang bigat ng pangungulila. Habang nakatutulong ang remittance sa ekonomiya ng pamilya, kaakibat nito ang emosyonal at akademikong hamon para sa mga kabataang naiwan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa awtput ng mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may OFW na magulang. Sa lente ng Gender and Development (GAD), layunin nitong masilip ang mga kinalabasan ng kanilang karanasan—kung paano nahuhubog ang kanilang emosyonal na resilience, akademikong disposisyon, at gendered na gampanin sa pamilya.

Ayon kina Mania et al. (2024), ang kalidad ng relasyon ng anak sa magulang ay may mahalagang papel sa akademikong disposisyon ng kabataan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Medina (2019) at Ramos et al. (2022) na ang mga anak ng OFWs ay nakararanas ng pangungulila at stress, ngunit kadalasan ay nagkakaroon din ng mas matibay na determinasyon na magtagumpay bilang tugon sa sakripisyo ng kanilang magulang. Samantala, ayon kina Arguillas at Williams (2010), mas positibong naaapektuhan ng OFW migration ang edukasyon ng mga batang babae kumpara sa mga lalaki, na nagpapakita ng gendered na pagkakaiba sa outputs ng kanilang karanasan. Katulad nito, natuklasan ni Ballaret (2022) na ang parental migration ay nagdudulot ng reconfiguration ng mga gampanin sa pamilya at nagbabago sa mga ugnayan ng pag-aaruga sa pagitan ng mga magulang, tagapag-alaga, at mga anak na naiiwan sa bansa. Ipinapakita nito na ang migrasyon ay hindi lamang usaping pang-ekonomiya kundi may implikasyon din sa emosyonal at panlipunang pag-unlad ng mga kabataan.

Sa konteksto ng mga kabataan mula sa probinsya gaya ng Kalinga, higit pang lumalalim ang hamon dahil sa limitadong access sa digital connectivity, guidance counseling, at support systems (OFW Jobs, 2025). Dahil dito, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa outputs ng kanilang karanasan—hindi lamang sa antas ng damdamin, kundi sa kanilang akademikong pagganap at gender roles—upang makabuo ng mga programang sensitibo sa kasarian at konteksto ng lokal na kultura. Ipinakita rin ng pag-aaral nina Bălțătescu et al. (2023) na ang subjective well-being ng mga batang naiwan ng migranteng magulang ay malapit na nakaugnay sa kalidad ng komunikasyon sa pamilya, emosyonal na suporta, at katatagan ng kanilang social environment.

Bagamat maraming pag-aaral ang tumalakay sa epekto ng OFW migration sa mga anak (Medina, 2019; Ramos et al., 2022; Mania et al., 2024), karamihan ay nakatuon sa emosyonal na epekto o ekonomikong benepisyo. Kulang ang masusing pagsusuri sa

outputs ng mga mag-aaral—kung paano nahuhubog ang kanilang resilience, akademikong disposisyon, at gendered na gampanin sa pamilya. Limitado rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa rural na konteksto gaya ng Kalinga, kung saan mas malala ang hamon ngunit mas kakaunti ang support systems. Dagdag pa rito, binigyang-diin sa isang sistematikong pagsusuri ng mga pag-aaral hinggil sa left-behind children na ang parental migration ay may magkakaugnay na epekto sa emosyonal na kalagayan, akademikong pagganap, at psychosocial well-being ng mga kabataan, subalit nananatiling limitado ang mga pag-aaral na gumagamit ng gender-sensitive lens sa pagsusuri ng kanilang mga karanasan (Alfiasari et al., 2025).

Nilayon ng pag-aaral na ito na punan ang umiiral na puwang sa literatura sa pamamagitan ng pagbibigay-tinig sa mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa, upang maunawaan ang kanilang paglalakbay ng pag-asa at pangungulila mula sa perspektibo ng Gender and Development (GAD).

### Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na masuri at maunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa mula sa perspektibo ng Gender and Development (GAD). Partikular nitong sasagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Paano inilalarawan ng mga mag-aaral na may magulang na OFW ang kanilang emosyonal na karanasan kaugnay ng pangungulila, resilience, at coping mechanisms?
2. Paano inilalarawan ng mga mag-aaral na may magulang na OFW ang kanilang akademikong karanasan kaugnay ng motibasyon, disiplina, at pagganap sa paaralan?
3. Paano nahuhubog ng gendered na gampanin ang mga karanasan ng mga mag-aaral na may magulang na OFW, at paano nagkakaiba ang kanilang mga karanasan batay sa kasarian sa emosyonal, akademiko, at domestikong aspeto?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng phenomenological approach, na naglalayong maunawaan ang *lived experiences* ng mga mag-aaral na may magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa. Ang penomenolohikal na disenyo ay angkop sapagkat binibigyang-diin nito ang paglalantad ng esensya ng karanasan ng mga kalahok, partikular sa konteksto ng kanilang emosyonal, akademiko, at gendered na gampanin.

Upang masuri ang mga datos, inilapat sa pag-aaral ang thematic analysis bilang pangunahing analitikal na pamamaraan. Ito ay isang sistematikong paraan ng pagtukoy, pagsusuri, at pag-uulat ng mga tema mula sa kwalitatibong datos. Sa pag-aaral na ito, magsisilbi itong mahalagang kasangkapan upang maipakita ang mga paulit-ulit na pattern ng karanasan at kahulugan na ibinabahagi ng mga kalahok. Ang kombinasyon ng phenomenological approach at thematic analysis ay nagbibigay-daan sa mas malalim at masusing pag-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral sa lente ng Gender and Development (GAD).

## Populasyon at Sampling

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may isa o parehong magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa. Ginamit ng mga mananaliksik ang purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may direktang karanasan sa parental migration.

Ang target na bilang ng kalahok ay nasa labing apat 14 na mag-aaral, na itinuturing na sapat upang makamit ang data saturation at makabuo ng masusing penomenolohikal na pagsusuri.

## Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang semi-structured interview guide na idinisenyo upang tuklasin ang malalim na karanasan ng mga kalahok. Ang mga tanong ay nakabatay sa tatlong pangunahing dimensyon: (1) emosyonal na karanasan, kabilang ang pangungulila, resilience, at coping mechanisms; (2) akademikong karanasan, gaya ng motibasyon, disiplina, at pagganap sa paaralan; at (3) gendered na gampanin, na tumutukoy sa pagkakaiba ng karanasan batay sa kasarian.

Bukod sa indibidwal na panayam, nagsagawa rin ng focus group discussion (FGD) upang mapalawak ang pag-unawa sa kolektibong karanasan at interaksyon ng mga kalahok. Ang kombinasyon ng mga metodong ito ay nagpapalalim sa datos at nagbibigay ng mas komprehensibong pagtingin sa kanilang *lived experiences*.

## Proseso ng Pangangalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa pamunuan ng paaralan at sa mga magulang ng mga kalahok upang matiyak ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pananaliksik. Matapos nito, pumili ng mga kalahok gamit ang purposive sampling.

Isinagawa ang mga panayam at focus group discussion sa isang ligtas at komportableng kapaligiran upang mahikayat ang malayang pagbabahagi ng karanasan. Inirekord ang mga panayam (na may pahintulot) at nag-transcribe nang buo. Bilang bahagi ng penomenolohikal na pagdulog, isinagawa rin ang bracketing (epoché) upang

mabawasan ang impluwensya ng personal na pananaw ng mananaliksik at mapanatili ang integridad ng interpretasyon ng datos.

### Paraan ng Pagsusuri ng Datos

Gumamit ang pag-aaral ng thematic analysis na nakaangkla sa phenomenological approach upang tukuyin at suriin ang mga pangunahing tema mula sa salaysay ng mga kalahok. Ang pagsusuri ay isinagawa sa pamamagitan ng sunud-sunod na proseso: pagiging pamilyar sa datos, paunang pag-code, pagtukoy ng mga tema, pagrerepaso at pagpino ng mga ito, pagbibigay ng malinaw na depinisyon, at pagsulat ng ulat.

Sa prosesong ito, ang mga tema ay binuo batay sa kahulugan at karanasan ng mga kalahok. Ang mga natukoy na tema ay iniugnay sa tatlong pangunahing dimensyon: emosyonal, akademiko, at gendered na gampanin.

Sa huli, ginamit ang lente ng Gender and Development (GAD) upang masuri ang impluwensya ng kasarian sa karanasan ng mga kalahok, at upang maipakita ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng kanilang mga salaysay sa kontekstong sosyo-kultural.

## RESULTA AT DISKUSIYON

Batay sa salaysay ng mga mag-aaral na may magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa mula sa Kalinga State University Laboratory High School. Gamit ang penomenolohikal na pagdulog at thematic analysis, natukoy ang mga temang sumasalamin sa kanilang emosyonal, akademiko, at gendered na karanasan sa konteksto ng parental migration.

Ang presentasyon ng resulta ay nakaayos ayon sa tatlong pangunahing dimensyon: (1) emosyonal na karanasan, kabilang ang pangungulila, emosyonal na distansya, at paglinang ng resilience; (2) akademikong karanasan, na tumutukoy sa motibasyon, disiplina, at mga hamon sa pagkatuto; at (3) gendered na gampanin, na nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng karanasan batay sa kasarian sa loob ng pamilya at paaralan.

Sa bawat tema, inilalahad ang piling pahayag ng mga kalahok bilang ebidensya ng kanilang lived experiences, na sinusundan ng masusing analitikal na talakayan. Ang interpretasyon ng mga datos ay isinagawa sa lente ng Gender and Development (GAD), upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng kasarian, panlipunang inaasahan, at lokal na konteksto ang kanilang karanasan bilang mga anak ng OFW.

**Tahanayan 1. Demographic Profile ng mga Kalahok**

| Kode ng Kalahok | Taong gulang | Kasarian | Tagal ng Magulang sa ibang Bansa | Magulang na nasa Ibang Bansa |
|---|---|---|---|---|
| Kalahok 1 | 15 | Babae | 5 taon | Ina at Ama |
| Kalahok 2 | 14 | Lalaki | 7 taon | Ina |
| Kalahok 3 | 15 | Lalaki | 10 taon | Ama |
| Kalahok 4 | 15 | Babae | 3 taon | Ina |
| Kalahok 5 | 14 | Babae | 11 taon | Ina |
| Kalahok 6 | 15 | Babae | 6 taon | Ina |
| Kalahok 7 | 15 | Lalaki | 5 taon | Ina |
| Kalahok 8 | 14 | Babae | 4 taon | Ina |
| Kalahok 9 | 15 | Lalaki | 2 taon | Ina at Ama |
| Kalahok 10 | 15 | Babae | 4 taon | Ama |
| Kalahok 11 | 15 | Lalaki | 5 taon | Ina at Ama |
| Kalahok 12 | 15 | Babae | 1 taon | Ina |
| Kalahok 13 | 14 | Lalaki | 9 taon | Ama |
| Kalahok 14 | 15 | Lalaki | 2 taon | Ina |

**Pangungulila at Emosyonal na Distansya**

Ang mga salaysay ng mga kalahok ay nagpapakita na ang parental migration ay nagdudulot ng patuloy na pangungulila at emosyonal na distansya. Ang kawalan ng pisikal na presensya ng magulang ay hindi lamang simpleng pagkawala kundi isang kalagayang maaaring makaapekto sa emosyonal na pag-unlad at pakiramdam ng seguridad ng mga kabataan.

**Pinakaimportanteng pahayag:**

*"Kalungkutan at loneliness… dahil wala akong magawa." (Kalahok 6, Babae, 15 taong gulang)*

*"Nangungulila ako sa aking mga magulang lalo na at walang gumagabay sa akin". (Kalahok 2, lalaki, 15 taong gulang)*

*"Iniisip ko ang magulang ko sa tuwing nag-iisa ako". (Kalahok 11, lalaki, 15 taong gulang)*

Ang mga pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng kawalan ng perceived control at emosyonal na dependency, na karaniwang bunga ng disrupted attachment dynamics sa loob ng pamilya. Sa konteksto ng *transnational families*, ang *emotional labor* ay kadalasang naililipat mula sa magulang patungo sa anak, na nagreresulta sa internalized feelings of longing at isolation (Parreñas, 2005).

Mula sa perspektibo ng GAD, makikitang hindi pareho ang emosyonal na epekto ng parental migration sa babae at lalaki. Ang mga babaeng kalahok ay mas nagiging bukas sa pagpapahayag ng kanilang emosyon, samantalang ang mga lalaking kalahok ay mas nakahilig sa internalized o hindi tahasang pagpapakita ng kanilang nararamdaman.

**Resilience bilang Adaptive Response**

Sa kabila ng mga emosyonal na hamon, ipinapakita ng mga kalahok ang kakayahang bumuo ng resilience bilang tugon sa adversity. Ang kanilang mga salaysay ay nagpapakita ng aktibong pag-angkop at pagpapatibay ng sarili sa harap ng kawalan ng magulang.

Pinakaimportanteng pahayag:

> *“Natuto akong punasan ang sariling luha at dibdibin ang mga problema.”*
> (Kalahok 3, lalaki, 15 taong gulang)

> *“Pinipili kong maging matatag para sa mga kapatid ko.”* (Kalahok 1, Babae, 15 taong gulang)

> *“Napapaka-busy ako sa hilig ko sa sports para di ko siya ma-miss .”* (Kalahok 13, Lalaki, 14 taong gulang)

Lumilitaw na habang tumatagal ang karanasan ng mga kalahok sa parental migration, mas nagkakaroon sila ng sariling coping at adaptive mechanisms. Halimbawa, ang Kalahok 3 at Kalahok 13 na matagal nang may OFW na magulang ay nagpapakita ng iba't ibang estratehiya ng resilience.

Mula sa GAD perspective, ang mga babae ay mas nakatuon sa relational at caregiving forms of resilience, samantalang ang mga lalaki ay mas nakahilig sa activity-based coping tulad ng sports at emotional suppression.

**Coping Mechanisms at Social Support Systems**

Ipinapakita ng mga salaysay ng mga kalahok na sila ay gumagamit ng kombinasyon ng *digital communication, social relationships, at spiritual coping* upang mapanatili ang kanilang *well-being* sa kabila ng pisikal na distansya mula sa magulang.

Pinakaimportanteng pahayag:

> *“Sa chat at video call kami nag-uusap halos araw-araw.”* (Kalahok 4, Babae, 15 taong gulang)

> *"Nakakausap ko lang ang papa ko sa video call* tuwing 3 buwan dahil walang signal o internet sa gitna ng karagatan." (Kalahok 9, lalaki, 15 taong gulang)

> *"Hindi ko gaanong nakakausap ang papa ko dahil may tampo ako sa kanya*." (Kalahok 12, Babae, 15 taong gulang)

Ang paggamit ng digital communication ay nagpapakita ng *mediated intimacy*, na nagpapanatili ng family relations sa transnational context. Sa GAD perspective, ang access at paggamit ng communication technologies ay maaaring magkaiba batay sa gender at household roles, na nakaaapekto sa frequency at kalidad ng interaction.

**Akademikong Karanasan ng mga Mag-aaral**

Sa konteksto ng *parental migration*, ang sakripisyo ng magulang ay nagsisilbing pangunahing *motivational force* na nagtutulak sa mga mag-aaral na magpatuloy sa kanilang akademikong paglalakbay. Ang kanilang pagsisikap sa pag-aaral ay nakaugat sa moral na obligasyong suklian ang paghihirap at pangako ng kanilang mga magulang.

Pinakaimportanteng pahayag:

> *"Ang kanilang sakripisyo ang rason kung bakit ako nagpapatuloy." (Kalahok 10, Babae, 15 taong gulang)*

> "Ang mga pangako ng aking mga magulang kung bakit sinisipagan ko mag-aral." *(Kalahok 7, lalaki, 15 taong gulang)*

Ang academic effort ay nagiging paraan ng pagbabalik-loob sa sakripisyo ng magulang. Sa GAD lens, makikita ang gendered expectations: lalaki bilang future providers, babae bilang academically competent ngunit may kasabay na domestic responsibilities.

**Akademikong Hamon at Cognitive Disruption**

Ipinapakita ng mga salaysay ng mga kalahok na ang emosyonal na strain ay may direktang epekto sa kanilang *academic concentration* at *performance*. Ang emosyonal na tensyon na dulot ng parental migration ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahang mag-focus sa pag-aaral.

Pinakaimportanteng pahayag:

> *"Hindi ako nakafocus, dahil lagi nila akong pinapagalitan." (Kalahok 5, Babae, 15 taong gulang)*

> *"Hindi ko nabibigyan ng pansin pag-aaral ko dahil wala sila sa tabi ko bilang inspirasyon." (Kalahok 14, Lalaki, 15 taong gulang)*

Ang kawalan ng focus ay maiuugnay sa cognitive load na dulot ng emotional distress. Sa GAD lens, mas matindi ang disruption sa mga may dagdag na gendered responsibilities, gaya ng caregiving at household labor.

### Self-Discipline at Academic Agency

Sa kabila ng mga hamon na dulot ng parental migration, ipinapakita ng mga kalahok ang mataas na antas ng self-discipline at personal agency sa kanilang pag-aaral. Ang kanilang pagsisikap ay nakaugat sa layunin na suklian ang sakripisyo ng magulang sa pamamagitan ng akademikong tagumpay.

Pinakaimportanteng pahayag:

> *“Mas naging seryoso ako sa pag-aaral para hindi masayang ang kanilang sakripisyo.” (Kalahok 10, Babae, 15 taong gulang)*

Ang pahayag ay nagpapakita ng self-regulated learning. Sa GAD lens, ang academic agency ay maaaring tugon sa structural gaps dulot ng parental absence, ngunit nakaaapekto rin ang gendered expectations sa antas ng pressure at responsibility.

### Gendered na Gampanin ng mga Mag-aaral

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na may mahalagang papel ang kasarian sa paghubog ng emosyonal, akademiko, at domestikong karanasan ng mga mag-aaral. Sa kabila ng magkaparehong karanasan ng pagkakaroon ng magulang na OFW, nagkakaroon ng pagkakaiba sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad batay sa umiiral na gender norms.

### Female Perspective

Ang mga babaeng kalahok ay mas nakaranas ng mataas na antas ng domestic responsibilities at emotional labor. Kadalasan silang inaasahang magsagawa ng gawaing bahay, mag-alaga ng kapatid, at tumulong sa pagpapanatili ng kaayusan sa loob ng pamilya.

Mula sa perspektibo ng GAD, ipinapakita nito ang pagpapatuloy ng tradisyunal na gender norms kung saan ang kababaihan ay mas iniuugnay sa caregiving at household responsibilities.

### Male Perspective

Ang mga lalaking kalahok naman ay nagpapakita ng kakayahang umangkop sa mga bagong responsibilidad sa tahanan. Lumalabas sa datos na sila ay nagiging mas aktibo sa pagsasagawa ng mga gawaing bahay na tradisyunal na hindi iniuugnay sa kanilang kasarian.

Sa perspektibo ng GAD, ipinapakita nito ang pagbabago sa tradisyunal na konsepto ng masculinity, kung saan ang pagiging lalaki ay hindi lamang nakabatay sa pagiging provider kundi pati na rin sa pakikibahagi sa mga responsibilidad sa tahanan.

**Tahanayan 2. Comparative GAD Analysis**

**Comparative GAD Analysis**

| **Female Participants** | **Male Participants** |
|---|---|
| Mas mataas ang domestic workload | Mas flexible sa role adaptation |
| Mas exposed sa emotional labor | Mas aktibo sa household tasks |
| Mas involved sa caregiving | Mas responsive sa situational demands |

Ipinapakita ng datos na ang parental migration ay hindi gender-neutral. Ang karanasan ng mga babae at lalaki ay nahuhubog ng umiiral na gender norms sa loob ng pamilya. Habang ang mga babae ay mas nakakaranas ng mas mataas na antas ng domestic at emotional responsibilities, ang mga lalaki naman ay nagpapakita ng mas malaking flexibility sa pag-angkop sa mga bagong tungkulin. Ipinapakita nito na ang parental migration ay maaaring magpatuloy sa tradisyunal na gender roles ngunit maaari rin itong magbukas ng oportunidad para sa pagbabago tungo sa mas pantay na distribusyon ng responsibilidad sa loob ng pamilya.

**Integrative na Diskusiyon**

Ang kabuuang salaysay ng mga kalahok ay nagpapakita na ang karanasan ng mga anak ng OFW ay hindi monolitiko kundi isang komplikadong interaksyon ng emosyonal, akademiko, at gendered na dimensyon. Sa emosyonal na aspeto, lumilitaw na ang pangungulila at emosyonal na distansya ay kabilang sa mga pangunahing karanasang nararanasan ng mga mag-aaral bilang bunga ng pisikal na pagkawala ng kanilang mga magulang. Ang mga karanasang ito ay karaniwan sa mga kabataang kabilang sa transnational families na patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga magulang na nasa ibang bansa sa kabila ng pisikal na paghihiwalay (Jerves et al., 2020).

Lumitaw din na ang resilience ng mga kalahok ay nahuhubog sa pamamagitan ng iba't ibang coping mechanisms at social support systems. Ang paggamit ng digital communication tulad ng chat at video calls, suporta mula sa pamilya at mga kaibigan, at pag-asa sa pananampalataya ay nagsisilbing mahalagang mekanismo upang mapanatili ang kanilang emosyonal na kalagayan sa kabila ng distansya ng kanilang mga magulang. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay hindi pasibong tumatanggap ng mga hamon dulot ng parental migration, kundi aktibong lumilikha ng mga paraan upang harapin at mabawasan ang epekto nito sa kanilang buhay.

Sa akademikong dimensyon, ipinapakita ng mga salaysay na ang sakripisyo ng mga magulang ay nagsisilbing mahalagang pinagmumulan ng motibasyon at disiplina ng mga mag-aaral. Ang kanilang pagsisikap na magtagumpay sa pag-aaral ay hindi lamang nakabatay sa personal na ambisyon kundi nakaugnay din sa pagnanais na suklian ang paghihirap at sakripisyo ng kanilang mga magulang. Gayunpaman, sa kabila ng positibong impluwensyang ito, lumilitaw din na ang emosyonal na tensyon at kakulangan sa presensya ng magulang ay maaaring magdulot ng mga hamon sa konsentrasyon at akademikong pagganap. Ipinahihiwatig nito na ang akademikong buhay ng mga anak ng OFW ay isang patuloy na proseso ng pagbalanse sa pagitan ng motibasyon at emosyonal na hamon.

Mula sa perspektibo ng Gender and Development (GAD), lumilitaw na ang mga babaeng kalahok ay mas nakararanas ng domestic responsibilities at emotional labor, samantalang ang mga lalaking kalahok ay nagpapakita ng mas malaking flexibility sa pagganap ng mga tungkulin sa tahanan. Ipinapakita nito na ang parental migration ay nakikipag-ugnayan sa umiiral na gender norms at maaaring magpanatili o magbago ng tradisyunal na distribusyon ng mga gampanin sa loob ng pamilya (Stache, 2024).

Ipinapakita ng mga natuklasang ito na ang parental migration ay hindi gender-neutral kundi nakikipag-ugnayan sa umiiral na gender norms at panlipunang inaasahan sa loob ng pamilya at komunidad. Sa ilang pagkakataon, ang migration ay nagpapatuloy at nagpapalakas sa tradisyunal na distribusyon ng responsibilidad sa pagitan ng babae at lalaki. Sa kabilang banda, lumilitaw din ang posibilidad ng pagbabago at muling paghubog ng gender roles, lalo na kapag kinakailangan ng sitwasyon ang mas pantay na partisipasyon sa mga responsibilidad sa loob ng tahanan.

Sa kabuuan, ang karanasan ng mga mag-aaral na may magulang na OFW ay hindi lamang sumasalamin sa mga hamon na dulot ng parental migration kundi nagpapakita rin ng kanilang kakayahang mag-angkop, magpakatatag, at humubog ng sariling pagkakakilanlan. Ang kanilang mga karanasan ay nagpapahiwatig na ang parental migration ay nagsisilbing parehong hamon at oportunidad sa kanilang emosyonal na pag-unlad, akademikong disposisyon, at paghubog ng gendered na karanasan, na may mahalagang implikasyon sa mas malawak na usapin ng gender equity at transnational family dynamics.

## Konklusyon

Batay sa mga salaysay ng mga mag-aaral mula sa Kalinga State University Laboratory High School na may magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa, lumitaw ang tatlong pangunahing outputs: emosyonal na karanasan, akademikong disposisyon, at gendered na gampanin. Ang pangungulila at emosyonal na distansya ay malinaw na hamon, ngunit kasabay nito ay nahuhubog ang resilience at maturity ng mga mag-aaral. Sa akademikong aspeto, ang sakripisyo ng mga magulang ay nagsilbing motibasyon upang magsikap, bagamat may mga pagkakataong naapektuhan ang konsentrasyon at performance. Sa perspektibo ng GAD, nakita ang malinaw na pagkakaiba ng karanasan batay sa kasarian: mas mabigat ang responsibilidad ng mga babae sa gawaing bahay at

caregiving, samantalang ang mga lalaki ay mas flexible sa pag-angkop sa domestikong gampanin. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang parental migration ay may ambivalent na epekto—nagdadala ng hamon ngunit nagbubukas din ng oportunidad para sa paglinang ng katatagan, disiplina, at bagong pananaw sa gender roles.

## Rekomendasyon

Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapatupad ng mga gender-responsive programs na nakabatay sa GAD upang matugunan ang gendered na pagkakaiba ng karanasan ng mga mag-aaral, kabilang ang pagbibigay ng pantay na suporta sa emosyonal at domestikong aspeto, pagpapalakas ng counseling at psychosocial support services, pagpapatupad ng academic mentoring programs para sa mga mag-aaral na naapektuhan ng parental absence, paghikayat sa regular at makabuluhang komunikasyon sa pagitan ng mga OFW na magulang at kanilang mga anak, at pakikipagtulungan ng paaralan at lokal na pamahalaan sa pagbuo ng mga community-based interventions na sensitibo sa kultura at konteksto ng rural na komunidad ng Kalinga.

## Etikal na Pagsasaalang-alang

Tinitiyak ng mananaliksik na ang lahat ng kalahok sa pag-aaral ay sasailalim sa maingat na proseso ng etikal na pamantayan. Una, bago simulan ang pangangalap ng datos, kukuha ng pahintulot mula sa paaralan at sa mga magulang ng mga mag-aaral upang matiyak na may malinaw na kaalaman at pagsang-ayon sa kanilang paglahok. Ang mga kalahok ay bibigyan ng informed consent form na naglalaman ng layunin ng pag-aaral, proseso ng pananaliksik, at karapatan nilang umatras anumang oras nang walang negatibong epekto.

Ikalawa, titiyakin ang confidentiality at anonymity ng mga kalahok. Ang kanilang mga pangalan ay hindi ilalagay sa ulat, at ang lahat ng datos ay gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga sagot ay itatala at itatago nang maingat upang hindi malantad sa mga hindi awtorisadong tao.

Ikatlo, bibigyang-diin ang voluntary participation. Walang kalahok ang pipilitin na sumali, at sila ay may kalayaan na huwag sagutin ang mga tanong na hindi nila komportableng ibahagi. Sa mga panayam at focus group discussion, sisiguraduhin na ang kapaligiran ay ligtas, komportable, at walang diskriminasyon.

Ikaapat, isasaalang-alang ang sensitibong kalikasan ng paksa. Dahil ang pag-aaral ay tumatalakay sa emosyonal na outputs ng mga anak ng OFW, maaaring lumabas ang mga damdaming pangungulila o pagkabalisa. Sa ganitong sitwasyon, ang mananaliksik ay magpapakita ng respeto, empatiya, at pag-unawa, at magbibigay ng impormasyon kung saan maaaring humingi ng karagdagang suporta ang mga mag-aaral (halimbawa, guidance office ng paaralan).

## Pasasalamat

Lubos na nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa pamunuan at mga guro ng Kalinga State University Laboratory High School sa kanilang pahintulot at suporta na naging daan upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Taos-puso ring pinasasalamatan ang mga mag-aaral na kalahok, na bukas-loob na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at salaysay hinggil sa pangungulila at pag-asa, na siyang nagsilbing pangunahing batayan ng pananaliksik.

Ipinapaabot din ang aming pasasalamat sa mga tagapayo at guro na nagbigay ng gabay, kaalaman, at mahahalagang mungkahi upang higit pang mapalalim ang pagsusuri at mapahusay ang kalidad ng pag-aaral. Gayundin, ang aming mga pamilya ay lubos na pinasasalamatan sa kanilang walang sawang suporta, pag-unawa, at inspirasyon sa kabila ng mga hamon ng proseso ng pananaliksik.

Sa wakas, kinikilala rin ang ambag ng aming mga kapwa mag-aaral at kaibigan na tumulong sa pangangalap ng datos at nagbigay ng moral na suporta. Ang kanilang pakikiisa ay naging mahalagang bahagi sa matagumpay na pagbuo ng pananaliksik na ito.


## REFERENCES


Alfiasari, A., Wahyuni, E. S., Sumarti, T., & Kolopaking, L. M. (2025). Left-behind children's well-being: A systematic review of parental migration impacts. Journal of Family Sciences, 10(2), 179–196.

Arguillas, M. J. B., & Williams, L. (2010). The impact of parents' overseas employment on educational outcomes of Filipino children. International Migration Review, 44(2), 300–331. DOI: 10.1111/j.1747-7379.2010.00805.x

Ballaret, J. R. (2022). Understanding the transnational care arrangements: Experiences in nonparental care in the case of Filipino transnational families. The Family Journal, 31(2), 244–253. https://doi.org/10.1177/10664807221104114

Bălțătescu, S., Strózik, T., Soo, K., & Kutsar, D. (2023). Subjective well-being of children left behind by migrant parents in six European countries. Child Indicators Research, 16, 1941–1969.

Jerves, E., Rober, P., Enzlin, P., & De Haene, L. (2020). Ambiguous Loss in Transnational Families' Adolescents: An Exploratory Study in Ecuador. Family Process, 59(2), 725–739. https://doi.org/10.1111/famp.12453

Mania, R., Santos, J., & Villanueva, P. (2024). Parent-child relationships and academic disposition among children of migrant workers. Journal of Philippine Education and Development Studies, 12(1), 45–62.

Medina, R. (2019). Emotional struggles of children left behind by OFW parents. Philippine Journal of Psychology and Society, 8(2), 77–95.

OFW Jobs. (2025). Emotional distress and support systems among rural OFW children. OFW Jobs Research Report.

OFW Jobs. (2025). The children of sacrifice: Emotional distress and support systems

among rural OFW children. OFW Jobs Research Report.

Ramos, L., Dela Cruz, M., & Bautista, A. (2022). Coping mechanisms of students with OFW parents: A psychosocial perspective. Asian Journal of Social Sciences and Education, 10(3), 112–128.

Stache, R. (2024). Are Women the “Keepers of the Culture”? A Study on the Gender-Specific Transmission and Development of Mainstream and Ethnic Identities Using Latent Growth Curve Models. Journal of International Migration and Integration, 25, 223–255. https://doi.org/10.1007/s12134-023-01070-4

**APA Citation:**

Puyoc, E. B., Buslig, G. K. R., Tumaliuan, C. B., & Daladag, C. D. (2026). SALAYSAY NG PAG-ASA AT PANGUNGULILA: ANG PAGLALAKBAY NG MGA MAG-AARAL NA MAY MAGULANG SA IBANG BANSA MULA SA KALINGA STATE UNIVERSITY LABORATORY HIGH SCHOOL SA PERSPEKTIBO NG GENDER AND DEVELOPMENT. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(6), 1109–1122. https://doi.org/10.5281/zenodo.20681616

Corresponding author: *rgiankarla@gmail.com*